

Paano nakaapekto ang COVID-19 (bagong coronavirus) sa iyo at sa iyong pamilya?

Sagutan ang survey tungkol sa CORONAVIRUS para maunawaan namin kung paano nakaapekto sa iyo ang COVID-19. Gagamitin ng mga departamento ng kalusugan sa buong estado ang mga resulta ng survey para matulungang bumangon ang ating mga komunidad.

At, maaari kang makatanggap ng \$100 na gift code ng Amazon!

Bakit mainam na lumahok sa survey?

Isinasagawa namin ang survey na ito nang mas maunawaan ang epekto ng COVID-19 response sa mga naninirahan sa Washington. Ang survey ay may mga katanungan hinggil sa mga behavioral, economic, social, at emosyonal na epekto at pangangailangan.

Bilang pasasalamat para sa iyong panahon at paglahok, tatlong kalahok ang tatanggap ng \$100 Amazon.com gift code bawat linggo ng survey! (Ang mga empleyado ng Washington State Department of Health, Public Health Seattle King County, at ICF ay hindi eligible na tumanggap ng gift code. Isang submission lamang sa survey ang tatanggapin. Ang mga dobleng submission ay tatanggalin.)

Sagutan ang
survey tungkol
sa CORONAVIRUS
at maaari kang
makatanggap ng
\$100 na gift code
ng Amazon!

Kompidensyal ba ang iyong mga sagot?

Oo. Ang survey na ito ay **voluntary** at **kompidensyal**.

Kung pinili mong gawin ang survey na ito:

- Hindi mo kailangang ibigay ang iyong pangalan, email address, o iba pang personal na impormasyon kung saan malalaman ang iyong identidad.
- Hindi mo kailangang sagutin ang anumang tanong na ayaw mong sagutin. Maari mong ihinto ang survey kahit kailan.
- Ang iyong mga sagot ay isasama sa mga sagot ng ibang mga tao at sila'y irereport bilang grupo.

Pumunta sa www.WACoronaSurvey.com.

- Available ang online na survey sa:
 - ✓ Ingles
 - ✓ Espanyol
 - ✓ Tagalog
 - ✓ Somali
 - ✓ Russian
 - ✓ Vietnamese
- Para sagutan ang survey gamit ang telepono, tumawag sa **1-855-530-5787** — mayroong magagamit na mga serbisyo sa interpretasyon o pagsasalin.
- May mga tanong? Tumawag sa Washington State Department of Health (Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Washington) sa **1-800-525-0127** at **pindutin ang #**. (Para sa mga serbisyo sa interpretasyon o pagsasalin, **sabihin ang iyong wika** kapag may sumagot na sa tawag.)